



Fact Sheet

CHILD SUPPORT [PINANSIYAL NA SUPORTA SA ANAK]

Ang Fact Sheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa child support [pinansiyal na suporta sa anak] sa ilalim ng *Divorce Act*. Mainam din ang tingnan mo ang patnubay ng Department of Justice na pinamagatang [The Federal Child Support Guidelines: Step-by-Step](#) (Mga Pederal na Patnubay sa Child Support: Bawat Hakbang). Ang patnubay na ito ay nagbibigay ng 8 madadaling hakbang upang matulungan kang matiyak ang child support.

Ano ang child support?

Ang “child support” ay ang pera na binabayaran ng isang magulang sa kabilang magulang bilang pinansiyal na suporta para sa kanilang mga anak pagkatapos nila maghiwalay o magdiborsyo.

Dapat bang bigyan ng pinansiyal na suporta ng kapwa dalawang magulang ang kanilang mga anak pagkatapos nila maghiwalay o magdiborsyo?

Oo. Ang iyong mga anak ay may legal na karapatan na makakuha ng pinansiyal na suporta mula sa kapwa dalawang magulang at kayong dalawa ay may legal na responsibilidad na ibigay ang suportang iyon. Hindi binabago ng isang paghihiwalay o diborsyo ang ganoong patuloy na obligasyon.

Paano kung ayaw ko ng child support mula sa kabilang magulang?

Ang child support ay karapatan ng isang bata, at siya’y karapat-dapat na makatanggap nito, ayon sa batas. Maaaring hindi pahintulutan ng mga huwes ang isang diborsyo kung hindi sila nakatitiyak na may mga makatwirang pag-aayos na nagawa para sa patuloy na pinansiyal na suporta ng iyong mga anak.

Paano ko kakalkulahin ang child support?

Ang child support ay kinakalkula gamit ang mga patnubay sa child support. Ang mga patnubay sa child support ay isang pangkat ng mga patakaran at mga table ng mga halaga. Ang mga ito ay batas.

May *Federal Child Support Guidelines* (mga regulasyon sa ilalim ng *Divorce Act*) at pang-province/pang-territory na mga patnubay (mga regulasyon sa ilalim ng mga pang-province o pang-territory na batas). Malalaman kung alin ang gagamitin depende sa [sitwasyon](#):

- Ang *Federal Child Support Guidelines* (Mga Pederal na Patnubay) ay umaaplay sa lahat ng mga kaso ng diborsyo, maliban kung ang kapwa dalawang magulang ay naninirahan sa parehong designadong province. Ang New Brunswick, Manitoba at Quebec ay mga designadong probinsiya na nag-aaplay ng kanilang mga sariling patnubay kapag ang kapwa dalawang nagdidiborsyong magulang ay doon nakatira.
- Ang mga pang-province o pang-territory na patnubay ay umaaplay kapag ang mga magulang ay hindi kailanman ikinasal sa isa't-isa at kapag ang mga mag-asawang magulang ay naghiwalay pero hindi nagdiborsyo.

Ano ang pagkakaiba ng Mga Pederal na Patnubay at ng mga pang-province/pang-territory na patnubay?

Ang lahat ng [provinces at territories](#) ay may mga patnubay sa child support na halos katulad ng mga Pederal na Patnubay, maliban sa Quebec kung saan mayroon silang sariling child support model. Maaaring naiiba nang kaunti ang mga patakaran sa ilang mga hurisdiksyon pero ginagamit nilang lahat, maliban sa Quebec, ang federal tables, kaya pareho ang mga saligang halaga.

Kung nagpasiya ako at ang kabilang magulang na gumawa ng aming mga sariling pag-aayos para sa child support, kailangan ba namin gamitin ang angkop na mga patnubay sa child support?

Ang mga patnubay sa child support ay ang batas para sa pagtatag ng mga halaga ng child support. Bilang mga magulang, maaari kayong dalawa magpasiya na mas mainam para sa inyo ang ibang halaga ng child support—mas mataas man ito o mas mababâ. Ngunit kung hiniling mong magpasiya ang isang huwes, itatakda niya ang halaga ng child support alinsunod sa mga patnubay, maliban kung may *mga tanging probisyon* na mainam para sa bata.

Halimbawa, kung inilipat ng isang magulang ang kanyang interest sa isang asset, tulad ng bahay ng pamilya o isang sasakyan, nang walang kompensasyon, maaari itong direkta o hindi direktang maging benepisyo sa bata. Mainam na isaalang-alang ng mga magulang ang mga ganoong tanging probisyon kapag nagpapasiya sila ukol sa halaga ng child support.

Kailan magtatapos ang child support?

Kung mayroon ka nang utos para sa child support o isang nakasulat na kasunduan, maaaring nakapahayag dito kung kailan magtatapós ang child support. Halimbawa, maaaring nakapahayag sa iyong utos sa support o sa kasunduan na magtatapós ang support kapag lamang ang bata ay nakarating sa isang takdang edad. Kung hindi nakasulat sa iyong utos o kasunduan para sa child support kung kailan magtatapós ang

support, ang pangangailangang magbayad ng child support ay magpapatuloy hanggang binago ng korte ang utos o hanggang binago mo at ng kabilang magulang ang inyong kasunduan.

Maaari ko bang ibigay ang bayad sa child support nang direkta sa aking anak sa halip na sa kabilang magulang?

Ang child support ay karaniwang binabayaran sa kabilang magulang at hindi sa bata. Sa mga bihirang kaso, maaaring iutos ng mga huwes na ibigay nang direkta ang child support sa bata na siyang nasa hustong-gulang na o lampas na ng edad na ito. Isasaalang-alang ng mga huwes ang sitwasyon ng pamilya upang matiyak kung angkop ang direktang pagbayad sa bata.

Kung mayroon akong mga anak kasama ng aking bagong partner, kailangan ko pa bang magbayad ng child support para sa mga bata mula sa naunang relasyon?

Dapat patuloy na bigyan ng pinansiyal na suporta ng mga magulang ang kanilang mga anak kahit na sila'y may mga responsibilidad sa bagong pamilya. Ang isang kasalukuyang utos sa support ay mananatiling may bisa hanggang sa katapusang petsa na nakatakda sa utos o hanggang ito'y binago ng isang korte.

Sa ilalim ng Mga Pederal na Patnubay, maaaring mag-utos ang korte ng ibang halaga para sa child support kapag matagumpay ang isang claim para sa [sobrang paghihirap](#). Kabilang sa mga pangyayaring maaaring magdulot ng sobrang hirap ay ang obligasyon na suportahan ang mga anak mula sa isang bagong relasyon. May dalawang hakbang upang matiyak kung ang isang magulang o bata ay nakararanas ng sobrang hirap:

- Dapat mo munang ipakita na lubos kang mahihirapang bayaran ang kinakailangang halaga ng child support dahil sa iyong sitwasyon;
- Ang standard-of-living sa kapwa dalawang household ay pagkukumparahin upang malaman kung ang household ng magulang na humihingi ng pagbabago sa child support ay may mas mababang standard of living kaysa sa household ng kabilang magulang.

Para sa libreng karagdagang impormasyon tungkol sa diborsyo at paghihiwalay, panoorin ang maikling [video](#) na ito mula sa Justice Canada, o bisitahin ang aming website:

[Canada.ca/family-law](https://www.canada.ca/family-law)

Pagbubunyag: Hindi ito legal na teksto at hindi ito nagbibigay ng legal na payô. Dahil ang family law ay maaaring komplikado, ang karaniwang pinakamainam na gawin ng mga indibidwal ay ang humingi ng payô tungkol sa kanilang

sitwasyon mula sa isang abogado sa family law. Ang mga abogadong ito ay ang pinakamainam na makapagbibigay ng legal na payô tungkol sa mga karapatan at mga obligasyon. Ang karamihan ng mga pang-province at pang-territory na bar associations ay nag-aalok ng [Lawyer Referral Services](#) (makapagbibigay sila ng mga pangalan ng abogado). Ang ilang mga abogado ay maaaring makonsulta nang libre o nang mas mababâ ang rate sa unang beses, o maaaring pagpasiyahan ng mga tao na mangonsulta sa isang abogado nang ilang beses lamang upang matulungan sila nito sa ilang mga aspeto ng kanilang ispesipikong sitwasyon.